

Pag-unawa sa Sekswal na Karahasan

ANO ANG SEKSWAL NA PANLILIGALIG, PAG-ATAKE AT PANG-AABUSO?

Ang sekswal na karahasan ay anumang pagkilos ng isang sekswal na katangian na: (a) lumalabag sa pakiramdam ng isang tao sa sarili, sekswalidad at katawan; (b) nakakapinsala sa kaisipan, pisikal, emosyonal at espirituwal na kapakanan, at/o (k) nagreresulta sa pakiramdam ng walang kaligtasan. Ang mga tao ng lahat ng pagkakakilanlan ng kasarian ay maaaring makaranas ng sekswal na karahasan.

KABILANG SA MGA HALIMBAWA:

- **Panliligalig:** hindi kanais-nais na mga puna tungkol sa mga bahagi ng katawan ng isang tao at/o kung ano ang sinusuot nila
- **Pag-atake:** hindi kanais-nais na mga sekswal na paglapit sa lugar ng trabaho, sa paaralan at/o pagkuha ng mga programa at serbisyo sa komunidad; panggagahasa, kabilang ang sekswal na pag-atake ng isang kasalukuyan o nakaraang kapareha at pagwawasto ng panggagahasa (corrective rape); at molestiya sa panahon ng pagkabata
- **Pang-aabuso:** sekswal na karahasan na nangyayari nang higit sa isang beses, kabilang ang molestiya sa panahon ng pagkabata; panggagahasa ng isang kasalukuyan at/o nakaraang kapareha; sapilitang sekswal na aktibidad sa pamamagitan ng pagbabanta o panggigipit; at pagtanggì sa paggamit ng condom, dental dams, at/o birth control

GAANO KARANIWAN ANG SEKSWAL NA KARAHASAN?

Tinataya na 1 sa 3 kababaihan at 1 sa 6 na kalalakihan ang makakaranas ng ilang uri ng sekswal na karahasan sa kanilang buhay. Ang mga bilang na ito ay malamang na mas mataas dahil sa kakulangan ng pag-uulat. Ang 2SLGBTQ (Two-Spirit, Lesbian, Gay, Bisexual, Trans, Queer/Nagtatanong) at BIPOC (Itim, Katutubo, Tao ng Kulay) na mga indibidwal ay nasa mas mataas na peligro para makaranas ng sekswal na karahasan.

MGA KARANIWANG ALAMAT TUNGKOL SA SEKSWAL NA KARAHASAN:

Alamat: Ang sekswal na karahasan ay tungkol sa seks.

Katotohanan: Ang sekswal na karahasan ay tungkol sa kapangyarihan at pagkakaroon ng kapangyarihan sa ibang tao.

Alamat: Ang sekswal na pag-atake ay madalas na ginagawa ng isang taong hindi kakilala.

Katotohanan: 87% ng sekswal na pag-atake ay ginawa ng isang taong kilala ng nakaligtas.

Alamat: Hindi ka maaaring sekswal na salakayin ng iyong kapareha.

Katotohanan: Ang sekswal na karahasan ay maaaring mangyari sa anumang matalik na relasyon, kabilang ang mga mag-asawa.

Alamat: Ang biktima/nakaligtas ay bahagi o ganap na may sala sa kanilang karanasan sa sekswal na karahasan.

Katotohanan: Ang karanasan ng isang biktima/nakaligtas sa sekswal na karahasan ay WALANG kasalanan – maging sila man o hindi ay:

- nagsusuot ng damit na nagpapakita ng balat at/o ng damit na itinuturing hindi kanais-nais
- nalasing
- naglandi
- hindi nagsabi ng hindi o umalis
- nagsabi ng oo, noong una, at kinamamayan ay nagbago ang kanilang pag-iisip
- naging magkaibigan sa, kilala at/o pinagkatiwalaan ang taong nanligalig, gumahasa at/o nang-abuso sa kanila
- minamahal at/o minamahal pa rin ang taong nagpinsala sa kanila
- ipinagpatuloy ang kanilang relasyon sa taong nagpinsala sa kanila
- hindi nagsabi sa iba at/o iniulat ang karanasan
- naniwala na ito ay normal at katanggap-tanggap sa oras ng kanilang karanasan